



Pag-aapela ng isang pagkasuspende o pagkapatalsik

Papel ng katotohanan para sa magulang/tagapag-alaga

Ano ang apela?

Ang apela ay ang paghiling na muling tingnan ang isang pagpapasya. Ito ay nangyayari dahil hindi mo gusto ang naging desisyon.

Paano ako mag-aapela sa isang pagkasuspende o pagkapatalsik?

Maaari kang mag-apela sa isang pagkakasuspende o pagkapatalsik kung sa paniniwala mo ay gumawa nang hindi makatarungan na desisyon ang prinsipal, hindi sumunod sa mga tamang tuntunin. Ang mga estudyante, magulang at tagapag-alaga ay maaaring magkumpleto ng isang [porma ng pag-aapela](#).

Maaaring maghain ng mga apela sa lokal na [Opisina ng Edukasyon](#). Ang lokal na Opisina ng Edukasyon ay makakatulong sa iyong pag-unawa ng proseso. Maaari rin silang tumulong sa pagsulat ng apela. Ang paaralan ng iyong anak ay makapagbibigay ng impormasyon ng mga matatawagan sa iyong lugar ng lokal na Opisina ng Edukasyon.

Isa lamang na apela ang maaaring ihain sa bawat desisyon. Ang desisyon tungkol sa apela ay gagawin ng isang Direktor ng Pamunuan ng Edukasyon o Punong Direktor ng Pagganap sa Paaralan at magtatagal ng 15 hanggang 20 na araw ng pag-aaral upang maproseso. Tatawagan ka kung naihain na ang apela at kung may desisyon na. Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon, maaari kang tumawag sa lokal na Opisina ng Edukasyon kung saan inihain ang apela.

Resulta ng apela sa pagkasuspende

Kung ang apela tungkol sa pagkakasuspende ay aprubado, at ang gumawa ng desisyon at sumang-ayon sa iyong pakiusap, kokontakin ka ng principal upang matiyak na makakabalik sa paaralan ang iyong anak sa pinakamadaling panahon. Ang desisyon sa apela ay ilalagay sa talaan (student record) ng iyong anak at ang pagkasuspende ay buburahin sa talaan ng iyong anak.

Kung hindi aprubado ang apela tungkol sa pagkasuspende, at hindi sumang-ayon ang nagdesisyon sa iyong kahilingan, ang iyong anak ay mananatiling nakasuspende hanggang sa napagkasunduang petsa.

Resulta sa apela ng pagkapatalsik

Kung ang apela sa pagkapatalsik ay aprubado, at ang nagdesisyon ay sumang-ayon sa iyong pakiusap, kailangang makipagtulungan ang prinsipal sa iyo upang maresolba ang anumang mga malalang pag-aalala sa kaligtasan at makapaglagay ng mga pansuportang hakbang upang ang iyong anak ay makabalik na sa paaralan. Ang desisyon sa apela ay ilalagay sa talaan (student record) ng iyong anak at ang pagkapatalsik ay buburahin mula sa mga talaan ng iyong anak.

Kung hindi aprubado ang apela sa pagkapatalsik, at hindi sumang-ayon ang nagdesisyon sa iyong kahilingan, maaaring may mga hanay ng mapagpipilian ang iyong anak. Sa ilang kalagayan, maaaring magdesisyon na ilipat ang iyong anak sa ibang paaralan o sa alternatibong lugar na mas tugma sa kanyang mga pangangailangan. Makikipagtulungan sa iyo ang prinsipal kung ito ang mangyayari.

Kung hindi aprubado ang apela tungkol sa pagkapatalsik at ang iyong anak ay mahigit na 17 taong gulang, ikaw at ang iyong anak ay dapat maghanap ng mga mapagpipilian upang magpatuloy ng pag-aaral o magtatrabaho.

Paano ako makakagawa ng reklamo?

May makukuhang impormasyon tungkol sa [pag-aadbokasiya para sa iyong anak](#) na makukuha para sa mga magulang. May impormasyon tungkol sa [paggawa ng reklamo](#) ang makukuha rin kung mayroon pa rin kayong mga pag-aalala tungkol sa proseso ng pagkakasuspende o - sa pag-aapela sa pagkapatalsik.

Ang impormasyon tungkol sa pakikipagtalakay sa mga paaralan ay nasa [Karta ng Komunidad sa Paaralan](#).

Ang serbisyo ng interpreter sa telepono

Kung gusto mong tawagan ang paaralan at kailangan mo ng tulong sa pag-Ingles, mangyaring tumawag sa serbisyo ng interpreter sa telepono sa 131 450. Sabihin sa kanila kung anong wika ang kailangan mo at makiusap sa opereytor na tawagan ang paaralan. Kukuha ang opereytor ng isang interpreter sa telepono upang tumulong sa iyong pakikipag-usap. Hindi ka pagbabayaran sa serbisyong ito.